CONSULATE GENERAL OF THE REPUBLIC OF THE PHILIPPINES
SHANGHAI

# PAALALA

Ang Konsuladong Panlahat ng Pilipinas sa Shanghai ay nakatanggap ng ulat tungkol sa isang Chinese national na nagngangalang Liu na nahatulan kamakailan ng Shanghai No. 1 Intermediate People's Court ng walong taong pagkakabilanggo at multa na nagkakahalaga ng RMB200,000 dahil sa kanyang ilegal na pagrecruit sa Pilipinas ng 24 na Pilipino upang magtrabaho sa mainland China bilang domestic helpers.

Nakipag coordinate na po ang Konsulado sa mga kinauukulan dito sa Shanghai upang alamin ang ilan pang mga detalye ukol sa kasong ito at kung sinu-sino ang 24 na Pilipinong nabiktima ni Liu.

Samantala, ipinagbigay alam kaagad ng Konsulado sa Department of Foreign Affairs tungkol sa bagay na ito upang mai-report din sa mga kinauukulan sa Pilipinas tulad ng Department of Labor and Employment at National Bureau of Investigation.

Muling ipinapaalala ng Konsulado sa ating mga kababayan dito sa Shanghai at sa mga probinsya ng Anhui, Hubei, Jiangsu, at Zhejiang na mariing mag-ingat at mapagmatyag laban sa mga illegal recruiters at nananamantala na magpasok ng mga Pilipino dito sa mainland China upang magtrabaho bilang mga domestic helpers. Madalas na modus ng mga taong ito ang paggamit ng social media tulad ng Facebook at iba pang kahalintulad na pamamaraan upang makatawag pansin at hikayat.

Wala pa pong pahintulot ang Gobyerno ng China na pwedeng magtrabaho ang mga Pilipino bilang household service workers sa mainland China maliban na lamang kapag ang kanilang employers ay nasa Category A o ang mga tinatawag na foreign high-end talents.

Maraming salamat po.

PHILIPPINE CONSULATE GENERAL * SHANGHAI *

28 Agosto 2018, Shanghai

Suite 301, Metrobank Plaza, No.1160 West Yan'an Road, Changning District, Shanghai 200052 China
Tel: (+8621) 6281-8020; Fax: (+8621) 6281-8023
www.shanghaipcg.dfa.gov.ph; shanghai.pcg@dfa.gov.ph